# Kwaranting Sagigilid:
# Mga Tula ng Mamamayang "Ismol Taym"

***Anna Patricia R. Carranza***
*University of the Philippines-Diliman*
*arcarranzza@up.edu.ph*

*A poetry series on the perspective of women, children, and commuters during the COVID-19 quarantine in the Philippines.*

## Oyayi ng/para sa Ma(nggagawang) Ma(gulang)

Matulog na, o aking Anak
May pasok pa si Mama sa Zoom
Wag kang ipakita, wag ka lang maririnig
May mute at off cam naman

Matulog na, o aking Anak
Mamaya na ang iyong mga tanong
Kung bakit wala ka sa "iskul"
At di mo muna pwede makita ang iyong kaibigan

Matulog na, o aking Anak
Pasensya na, mahirap ipaliwanag
Bakit bawal kitang katabi
Kahit sa bahay ako’y nananatili

Matulog na, o aking Anak
Parang dati lang bago magkapandemya-
Na ang iyong tulugan
Ay nasa ilalim lang ng aking mesa

Matulog na, o aking Anak
Isipin mong masamang panaginip lang
Ang oyayi ng paiba-ibang numero at letra
Na sa itaas ay idinidikta

Matulog na, o aking Anak
Matatapos din itong trabaho sa gabi,
Tatabihan na kita’t ako’y pipikit.

*Matulog ka muna, Mama*
*At bakit naman?*
*Ang itsura’t tunog ng bahay nati’y*
*Hindi dapat ikahiya*

*Matulog ka muna, Mama*
*Bukas tayo’y makakalabas na*
*Basta’t malinaw at maliwanag*
*Ang ilalatag nilang Daan*

*Matulog ka muna, Mama*
*Kahit ako’y isang paslit,*
*Alam ko naman ang gagawin*
*Kapag ika’y may miting*

*Matulog ka muna, Mama*
*Gagawin nating may dignidad*
*Lahat ng lugar sa mundo*
*Bigyang halaga kahit ang musmos*

*Wag ka muna matulog, Mama*
*Di ba dapat wakasan ang bangungot?*
*Pero dahil pagod ka't*
*Gabi na-*

*Matulog ka muna, Mama*
*Isara mo muna ang laptop,*
*Marapat ang iyong paghimbing.*

## Modyul

Nagbisikleta kami ni Mama patungong talipapa-
Dalawang taon mahigit na pala
Kadalasan ang paa sa pamamahay ay nakatali

Minsan, ikinukubli ako ni Nanay sa paanan ng kotse -
Bawal!
Baka raw kasi makita ako ng Mamang naka-*patig*

Madalas, pangako'y napapako
Pwede na raw lumabas, may sinabi pang numero sa *peysbook*
Pero *peyknews* daw yun, hindi totoo

Marami akong nalaman,
Marami na akong di alam,
Iba na sa dating mga gawi bago ang *lakdown*

Sa *howmwork,* sabi ni Titser,
"Iguhit ang mapa ng iyong pamayanan."
Pa'no ko malalaman? Eh bawal naman lumabas.

Sabi ni Nanay,
"Basta, yung palengke, *church*, saka *iskul*."
App ba sa tablet ang tinutukoy niya, yung may nakamotor na mama?

Aalis ang matatanda - magpapabakuna
"Kaya niyo yan," sabi niyo sa'kin noon, "masakit pero kailangan."
"*Matapang ka*," sabi ng *bandeyd* na may *desayn*

Hugas dito, punas doon
Maskerado na nga't may plastik pa sa mukha ko-
May bisa ba talaga lahat ng ito?

Sumunod na lang daw
Baka mapakulong, baka mapauwi
Sayang ang pagkakataong makalabas muli

Pagkauwi namin ni Mama,
May uwi kaming paborito nilang tinapa
Nakabalot sa papel hawig ng aking sinasagutan

Halaga ng kinabukasan ko'y
Pambalot lang pala ng isda -
May saysay pa kaya ang aming bukas?

## Alaala ng RS*

Sa tagaktak ng pawis
Sa gitna ng usok
Sa tapat ng nagbabagang tambutso
Gitgitin ng mga de-apat na gulong

Pa te
tin ro sa nakaparadang sasakyan ng burgis,

–n–d–
==u/ \o==
sa b/ \k
Pag-arok ng bakal at kawad,
*Tagu-taguan* sa linyang pintura hanggang sa
tumulo
ang
d
u
g
o

Ilang binasag na semento,
Ilang bolang hinagip,
Ilang inararong ulo,
Ilang puting bisikleta,
Ilang pagsindi ng kandila,
Ilang itim na laso

Ang katapat ng pag-uwi nang matiwasay?

*RS – Ride Safe
Written to commemorate cyclists who died due to vehicular accidents. Dedicated to all who experience the daily microviolences of exclusive urban planning, not just cyclists

***Anna Patricia Rodriguez-Carranza** ay katuwang na propesor sa Kagawaran ng Edukasyong Pangmusika sa UP Kolehiyo ng Musika. Siya ay aktibong kasapi ng mga grupong nagsusulong ng dekolonyal na edukasyon sa sining at musika*

*gaya ng Philippine Society for Music Education, Comparative and International Education Society - Indigenous Knowledge and the Academy SIG, at Society for Strategic Education Studies. Siya rin ay nakikipagtulungan sa UNICEF sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programa sa early childhood care and development*

*Natanggap niya ang 2018 National Commission for Culture and the Arts Thesis/Dissertation Grant sa pagsulat ng historiograpiya ng mga programang di-gradwado ng UP Kolehiyo ng Musika mula 1918 hanggang 2018. Ang kanyang mga pagsasaliksik at mga likhang literatura't musika ay umiikot sa usaping quality assurance in tertiary education, musikong guro bilang etnomusikologo, alternatibong edukasyon, inklusibong pamayanan, at edukasyong pangmusika para sa early childhood.*